Republika ng Pilipinas
Departmento ng Edukasyon
Rehiyon V
Sangay ng Sorsogon

Pebrero 24, 2021

MEMORANDUM PANSANGAY
Blg. 34, s. 2021

PANAWAGAN SA PAGSUSUMITE NG MGA PAPEL PARA SA JOURNAL NA PANDIWA 2021

SA: Kawaksing Tagapamanihala
SGOD at CID Chief
Mga Pansangay na Tagamasid
Mga Tagamasid Pandistrito
Punong Guro at Namumunong Guro
sa Antas Elementarya at Sekondarya
sa kinauukulan

1. Ipinapabatid ng Departamento ng Edukasyon - Sangay ng Sorsogon ang Panawagan sa Pagsusumite ng mga Papel para sa Journal na Pandiwa 2021 ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF). Inaanyahahan ang mga kawani na lumahok sa nabanggit na panawagan.

2. Ang Pandiwa ay journal sa Filipino na inilathala ng KWF. Nagtatampok ito ng mga pag-aaral at saliksik hinggil sa panitikan, wika, at kultura ng bansa.

3.Para sa edisyong 2021, itatampok ang mga pag-aaral sa mga katutubong wika ng ating bansa na maaaring nakatuon sa: ponolohiya, morpolohiya, sintaks, gramatika, leksikograpiya, diyalektolohiya, edukasyong pangwika, diyakronikong lingguwistika, nanganganib na wika *(language endangerment)*, pagpapasigla ng wika *(language revitalization)*,at buhay na dunong *(intangible cultural heritage)*.

4. Ang huling araw ng pagsusumite ng papel ay sa 31 Mayo 2021.

5. Ang kabuuang tuntunin sa gawaing ito ay nakalahad sa ibaba:

a.Kailangang orihinal at hindi pa nailalathala o naisumite para sakonsiderasyon ng ibang publikasyon o journal ang papel, elektroniko man o limbag na anyo.
b.May nakalakip na abstrak na hindi lalagpas sa 250 salita.

Sorsogon Sports Complex, Sorsogon City, Sorsogon 4700
Landline: (056) 421-5415
Email: sorsogon@deped.gov.ph
Website: depedsorsogon.com.ph

c.Ang format para sa isusumitent artikulo ay naka-encode o kompyuterisado sa A4 bond paper; 1 inch margin sa lahat ng gilid, double space, at Times New Roman, 12 font size

d.Ang dokumentasyon ay nakaayon sa format ng KWF Manwal sa Masinop na Pagsulat.

e.Maaaring lakipan ng biswal na materyal (may kulay o black and white) gaya ng orihinal na larawan, ilustrasyon, graph, matrix, mapa, at iba pa. Tungkulin ng awtor na kumuha ng permiso sa anumang materyal na may karapatang-ari.

f.Isumite ang papel sa kwf.ssg@gmail.com. Maglakip rin ng maikling tala sa sarili na naglalaman ng: pangalan, paaralang pinagtuturuan o institusiyong pinagtatrabahuhan, organisasyong kinabibilangan, kasalukuyang posisyon/ranggo (sa organisasyon, institusiyon/paaralan), digri, kinabibilangang larang, espesyalisasyon, pinakabagong publikasyon, pananaliksik, at iba pang mahalagang impormasyon.

g.Ang ipapasang mga lahok ay sasailalim sa proseso ng refereeing.

h.Makatatanggap ng liham kung natatanggap o hindi natanggap ang inyong papel. Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan kay Gng. Evelyn E. Pateno sa 0906-278-4713 o 0951-787-1050, o mag-email sa kwf.ssg@gmail.com.

3. Kahingian sa mga lalahok sa panawagang ito ang pagpapabatid sa punong-guro at tagamasid pampurok sa pagnanais na sumali. Ang tala ng mga lalahok ay isusumite kay *Sharon A. Vito, Tagamasid Pansangay sa Filipino*.

4.Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapabatid ng Memorandum na ito.

JOSE L. DONCILLO, CESO V
Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan

Kalakip: Gaya ng nasasaad
Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:
PANANALIKSIK KURIKULUM
PAG-UNLAD NG GURO/MAG-AARAL FILIPINO

CID/scav

Sorsogon Sports Complex, Sorsogon City, Sorsogon 4700
Landline: (056) 421-5415
Email: sorsogon@deped.gov.ph
Website: depedsorsogon.com.ph